DALIN
Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
ARTICLE

# Ang Malikhaing Pagsulat sa Klasrum o Kung Paano Pagaganahin ang Haraya sa Pagtuturo: Ilang Mungkahing Pedagohikal

**Jomar Adaya**
Polytechnic University of the Philippines

**Abstract**. Nilalayon ng papel na makapaglatag ng ilang mungkahing pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Malikhaing Pagsulat sa senior high school sa konteksto ng kasalukuyang mga kontradiksyon sa K to 12 kurikulum ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Partikular itong nakaangkla sa usapin hinggil sa kahandaan ng mga guro o kung paano ituturo ang malikhaing pagsulat ng mga gurong hindi naman manunulat at kung kailangan bang mayroong karanasan sa pagsusulat o kahit papaano ay naging fellow sa mga workshop para lamang magkaroon ng lihitimasyon sa pagtuturo nito. Nakasandig sa refleksibong sipat sa pedagohiya mula sa sariling danas bilang guro ng panitikan ang papel na ito. Upang bigyang katwiran ang personal na danas sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat at makabuo ng ilang mungkahing pedagohikal, ginamit bilang metodolohiya ang kritikal na rebyu ng literatura. Higit itong nakatuon sa paglalatag ng ilang pagsasanay sa klase na umuugat sa sariling danas sa pagtuturo at paglalapat ng mga pangunahing batayang prinsipyo ng kritikal na pedagohiya ni Paolo Freire. Binibigyang diin dito ang saysay ng larang ng malikhaing pagsulat sa paghubog ng kritikal na kamalayang umuugat sa lokal na kultura at kondisyong panlipunan. Ang guro tulad ng manunulat ay kritikal ang papel na ginagampanan sa transpormasyong panlipunan at esensyal sa ganitong tunguhin ang mapagpalayang pedagohiya.

***Keywords.*** Kritikal na pedagohiya; malikhaing pagsulat; mapagpalayang pagtuturo.

Isinama sa K to 12 Basic Education Curriculum, partikular sa Humanities and Social Science Track ang Malikhaing Pagsulat bilang asignatura ng mga mag-aaral sa Grade 11 na pag-aaralan nila sa loob ng isang semestre. Batay sa silabus ng Department of Education (2016), nilalayon ng kursong "linangin ang kasanayang praktikal at malikhain sa pagbasa at pagsulat; ipaunawa at talakayin ang mga pundamental na teknik sa pagsulat ng maikling kuwento, tula, at dula na ginamit ng mga kilalang manunulat ng nabanggit na mga anyo. Tutuon ang klase sa matalas na pagsusuri sa mga teknik at worksyap ng mga burador ng mga mag-aaral sa lalo pang ikaiinam ng kanilang mga manuskrito" (p. 1). Kung tutuusin, bilang guro na tagapagsulong ng panitikan, maituturing na isang magandang indikasyon ito upang lalong mapaigting ang larang ng malikhaing pagsulat sa bansa at higit pang maitaguyod ang panitikang pambansa sa pamamagitan ng malikhaing interbensyon sa klase. Esensyal din ang mga ganitong uri ng asignatura upang lumikha ng mga puwang sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, kamalayang panlipunan at maging ng pagsasatinig sa naratibo ng mga marhinalisado (Moratilla, 2019). Sa kabila nito, batid natin ang mga pangamba sa pagsisimula ng implementasyon ng programa lalo na sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo (San Juan, 2013; Acosta & Acosta, 2016). Sa katunayan batay sa pag-aaral na isinagawa ng Pulse Asia, makalipas ang apat na taong implementasyon ng dagdag na dalawang taon sa kurikulum, lumalabas na maraming Pilipino ang hindi nasisiyahan o satisfayd dahil hindi pa rin nito natugunan ang mga dati nang problema sa sistema ng edukasyon tulad ng kakulangan sa pasilidad at mga guro (Ismael, 2020).

Sa ganitong konteksto, partikular sa larang ng malikhaing pagsulat, paano ba ito ituturo kung hindi naman manunulat? Kailangan bang maging manunulat, o kahit papaano'y naging fellow sa mga workshop para lamang magkaroon ng lihitimasyon sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat? Ito ang mga pangunahing tanong na sisikaping sagutin sa papel na ito.

Sa kasalukuyan, hindi pa rin nawawala ang tradisyunal na pananaw hinggil sa pagbasa at pagtuturo ng mga akdang pampanitikan. Sa mga nakasalamuha at nakakuwentuhan kong guro sa hayskul, hindi pa rin nawawala ang mga de-kahon at romantisadong pagtingin sa panitikan bilang tekstong salukan ng mga aral.


Corresponding Author: jgadaya@pup.edu.ph

Nararapat na tuluyang mabago ang ganitong pagtingin upang maitaas ang kamalayan at pakatuto ng mga mag-aaral hinggil sa saysay ng panitikan hindi lamang bilang repleksyon ng buhay, kundi higit bilang kasangkapang magpapalaya sa kamalayan ng tao at lipunan. Nilinaw ni Tolentino (2007) na "ang mapagpalayang pag-unawa sa panitikan ay naglalatag ng kondisyon para sa kultural na pagbabago na siyang susing kawing sa anumang panlipunang pagbabago. Ang mapagpalayang pag-aaral, pagtuturo, at pagbasa ng panitikan ay pag-eensayo sa pagpapalaya ng lipunan" (p. 13).

Kaakibat ng malikhaing pagsulat ang katangiang mapagpalaya. Pinatunayan ito sa etnograpikong pag-aaral ni Nuncio (2005) sa maralitang kabataan ng Towerville sa San Jose Del Monte, Bulacan. Sa pamamagitan ng pangkulturang samahan na Bukalsining, naging kasangkapan sa pag-aaral ang malikhaing pagsulat at kritikal na pedagohiya sa pagsasatinig ng karanasan ng tinatawag niyang "mga talinghaga sa laylayan" (p.15). Hindi lamang simpleng paglikha ng sining ang tinutungo ng ganitong direksyon, kundi pagsasakapangyarihan sa mga marhinalisado. Binigyang diin pa ni Nuncio na "hindi dapat iwaksi ang pagtuturo na nagpapalaya sa isipan sa tulong ng malikhaing pagsulat. Sa pakikibaka para sa pagbabago at pag-unlad nararapat lamang na ang malaya at mapagpalayang kamalayan ay naisasalin sa praktika ng buhay at nakikisalamuha sa sining ng tao" (p. 107). Maaaring iugnay rin dito ang artikulo ni Moratilla (2019) na gumamit din ng lente ni Paolo Freire upang makapaglatag ng kritikal na interbensyon sa K to 12 na kurikulum. Sa kabila ng makadayuhan at marketisadong balangkas ng kurikulum, maaari aniyang makalikha ng mga puwang para sa kritikal na pag-iisip at kamalayang panlipunan. Maisasakatuparan ito sa gabay ng kritikal na pedagohiya at sa pamamagitan ng malikhaing anyo ng panitikan tulad ng testimonio o testimonial narrative na mas kilala sa atin bilang creative non-fiction na isa ring asignatura sa senior high school. Sa pamamagitan ng ganitong interbensyon, makalilikha ng posibilidad bilang kontra-diskurso sa namamayaning kolonyal na naratibo sa sistema ng edukasyon.

Hinggil sa pedagohiya, sentral na argumento naman sa artikulo ng premyadong manunulat at guro na si Villafuerte (2007) ang pagtatagpo ng mga katangian at praktika sa produksyon ng kaalaman ng guro at manunulat tungo sa pagtangan sa kapangyarihan ng malikhaing isipan at kamalayang sosyo-pulitikal. Dumudukal si Villafuerte sa kanyang danas bilang guro-manunulat sa paglalatag ng mga interbensyong pedagohikal sa larang ng panitikan at malikhaing pagsulat na pangunahin niyang inugat sa mga kategorya ng sining ng pagsusulat at panlipunang penomenon. Sa konteksto ng pagtatagpo ng larang ng pagtuturo at pagsusulat, o yaong tinatawag niyang gurong manunulat, binibigyang diin na "maihahalintulad sa paglikha ng apoy ang proseso ng malikhaing pagsulat: bilang guro ay lumilikha siya ng ningas, at bilang manunulat ay tagalikha siya ng apoy" (p. 247). Sa ganitong punto, sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat, hinihingi ng pagkakataon na tanganan ng guro ang pagkamanunulat o ang mga katangiang bitbit ng isang manunulat lalo na ang kamalayang pangkasaysayan at panlipunan upang higit na maging epektibo sa pagtuturo.

Interesanteng maunawaan mula sa mga premyadong manunulat ang paglapat sa lupa ng larang ng malikhaing pagsulat upang mabasag ang nakasanayang pagkakahon dito bilang dakila o kanonisado. Demokratisasyon sa malikhaing pasulat ang tawag dito ng manunulat na si Garcia (2012) na sa konteksto ng kanyang pagtuturo ay marapat na nagbibigay laya sa produksyong pampanitikan ng mga papausbong pa lamang na manunulat. Sa pamamagitan nito, higit na nailalapit ang larang na ito sa lahat ng tao, may interes man o wala sa pagsusulat tungo sa pag-usbong ng mga maituturing na organikong manunulat. Sa kabilang banda, paglulugar naman ng mga "wala sa lugar" ang inilalatag sa papel ng makatang si Popa (2016) upang bigyan ng demokratisasyon ang malikhaing pagsulat. Pagbibigay kapangyarihan ito sa mga guro sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa pagtuturo na ibinahagi sa papel na magpapatunay na hindi kailangang maging manunulat para makapagturo ng malikhaing pagsulat.

Malinaw na may mapagpalayang tunguhin ang malikhaing pagsulat bilang praktika ng sining, at ang kritikal na pedagohiya bilang matalas na lente sa pagsusuri ng penomenong panlipunan (Nuncio, 2005; Moratilla, 2019). Habang ang mga katangian at praktika ng pagiging manunulat ay matutunghayan din sa malikhaing interbensyong pedagohikal ng isang guro (Villafuerte, 2007; Garcia, 2012; Popa, 2016). Sa kaso ng kasalukuyang papel, higit itong nakatuon sa ilang mga mungkahing pagsasanay sa klase ng malikhaing pagsulat na umuugat sa sariling danas sa pagtuturo at paglalapat ng mga pangunahing batayang prinsipyo ng kritikal na pedagohiya. Ang mga inilatag na pag-aaral ay magsisilbing sandigan sa pagkilatis upang mailatag ang ilang mga mugkahing pamamaraan sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat.

### Paghaharaya at Pagkamalikhain

Likha ang salitang ugat ng malikhain. Nangangahulugang "paggawa ng anumang buhat sa isang bagay o buhat sa wala" (UP Diksiyonaryong Filipino, 2001). Ang pagkabit ng panlaping ma- at -in ang nagbibigay katangian sa paglikha ng mga bagay o ang pagkamayroon, at ang daynamikong katangian nito na may pagkilos lampas pa sa mga posibilidad. Ibig sabihin, hindi maikakahon ang konsepto ng malikhain o pagkamalikhain dahil sa katangian nitong gawing mayroon ang wala, o gawing presence ang absence. Nagiging posible ang mga ito dahil sa likas na katangian ng tao na mag-isip at makiramdam sa kanyang panlipunang realidad. Dito gumagana ang kanyang imahinasyon o haraya.

Sa ganitong punto, mahalagang maunawaan na may kakayahan ang tao na magharaya o mag-imagine. Hindi lamang mga manunulat o mga alagad ng sining ang may kakayahang paganahin ang haraya. Lahat naman tayo ay maituturing na kuwentista (Garcia, 2012). Kung tutuusin, ang danas natin sa araw-araw ay isang malawak na naratibo na hinahabi natin sa pagkukuwento ng bawat pagkakataon. Pinag-iisipan nating mabuti, pinipili ang mga angkop na salita, at mga dahilan tuwing magpapaalam tayo sa ating mga superior o puno ng departamento na liliban tayo sa klase. Gumagana rin ang ating husay sa paghaharaya tuwing darating ang mga akreditor ng paaralan. Sinisikap nating gawan ng paraan ang mga kakulangan sa pasilidad ng ating pamantasan at mula rito nakalilikha tayo ng mga bagay na kapaki-pakinabang para tugunan ang pangangailangan.

Kung tutuusin, ang mga guro ang kampeon pagdating sa pagkamalikhain. Naiuugnay din ang pagiging malikhain sa pagiging madiskarte sa konteksto ng kulturang Pilipino (Eliserio, Rodriguez, Torralba, & Torralba, 2016; Maggay, 2002). Halimbawa, nakahahanap ng posibilidad ang mga Pilipino sa binahang kalsada para pagkakitaan kahit papaano sa pamamagitan ng paglalagay ng improvised na tulay o kaya'y balsang gawa sa styrofoam at container. Sa ganitong punto, nababali ang de kahong pananaw hinggil sa pagkamalikhain na nakatali lamang sa mga manunulat at mga alagad ng sining. Dapat nating maunawaan na likas sa atin ang lumikha at maging malikhain. Subalit, tandaan ding may kaakibat ng responsibilidad ang bawat tao sa paggamit ng imahinasyon (Eliserio et al., 2016). Sa panahon ng fake news at trolling, gamit na gamit ang paghaharaya sa ngalan ng iilang nasa poder ng kapangyarihan.

Sa kabilang banda, kung babalikan natin ang tanong kanina, hindi man manunulat ang isang guro, may mga katangian naman siyang katulad ng sa isang manunulat – ang pagkamalikhain. Kailangan lamang linangin ang katangiang ito batay sa mga batayang pedagohiya at mga pangunahing prinsipyo ng larang ng malikhaing pagsulat. Pagdidiin nga ni Popa (2016), "Hindi kinakailangang maging manunulat din ang guro ng Malikhaing Pagsulat para maging epektibo at malikha sa silid-aralan ang atmospera na maalwan sa paglikha. Ngunit palagay ko, hinihingi na maging malikhain siya sa kanyang dulog sa pagtuturo" (p.7).

## Metodolohiya

Unang nabuo ang papel na ito bilang lektura para sa mga guro sa pampublikong paaralan sa Unisan, Quezon Province na ginanap noong Abril 25, 2018. Bahagi ito ng pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan na inorganisa ng National Commission for Culture and the Arts, Komisyon sa Wikang Filipino at PUP Center for Creative Writing. Pangunahing layunin ng programa ang pagbibigay ng pag-aaral sa mga guro tungo sa pagpapataas ng antas ng kasanayan at kaalaman sa pagtuturo ng panitikan at humanidades. Dinaluhan ang programa ng mga pampublikong guro at mga mag-aaral ng BSEducation mula sa iba't ibang paaralan sa bayan ng Unisan. Sa ganitong konteksto, nakasandig sa refleksibong sipat sa pedagohiya mula sa sariling danas bilang guro ng panitikan ang papel na ito. Pagtuklas ito sa mga pamamaraan upang siyasatin ang sariling pagtingin, pagproseso ng isipan, halagahin at mga hinuha tungo sa pagsisikap na unawain ang kompleksidad ng ugnayan sa kapwa (Bolton & Delderfield, 2000), at sa papel na ito, sa kapwa-guro.

Upang bigyang katwiran ang personal na danas sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat at makabuo ng ilang mungkahing pedagohikal, ginamit bilang metodolohiya ang kritikal na rebyu ng literatura. Isa sa mga paunang bahagi sa pananaliksik ang pagsasagawa ng rebyu ng mga literatura upang matukoy ang mga puwang sa pag-aaral at maimapa ang produksyon ng kaalaman hinggil sa isang paksa. Batay ito sa pagtingin na patuloy ang pagsulong ng kaalaman at natututo tayong lumikha ng bago mula sa mga nagawa nang pag-aaral ng iba (Neuman, 1999) tungo sa pag-aambag ng posibilidad sa ating larang. Kapaki-pakinabang ang pagsasagawa ng kritikal na rebyu sa pagsiyasat sa isang teorya o konsepto tungo sa paglalatag ng pangkalahatang pagtingin sa isang partikular na isyu o penomenon. Karaniwang nilalayon ng ganitong metodolohiya ang magbigay ng pagtatasa, kritika at sintesis na makapagpapausbong ng panibagong balangkas at perspektibo (Snyder, 2019). Sa kabilang banda, nililinaw rin sa

artikulo ni Snyder na wala pang nalilinang na mga tiyak na pamantayan hinggil sa pagsusuri ng datos sa ganitong uri ng metodolohiyang nakaangkla sa rebyu ng literatura. Gayunman, bilang limitasyon, ang pangkalahatang layunin nito ay kritikal na masiyasat ang literatura at ang mga pangunahing ideya at ugnayan ng mga ito sa isang isyu (Snyder, 2019).

Sa pagsipat sa sariling danas na pangunahing nakasandig sa kritikal na pedagohiya ng edukador na si Freire, sinikap sa papel na makapaglatag ng ilang pamamaraan na kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat sa senior high school.

## Resulta at Pagtalakay

Tulad ng natalakay na sa unahang bahagi, hindi maikakahon sa mga hangganan ang mga posibilidad sa pagkamalikhain gamit ang imahinasyon, lalo na sa akto ng pagsusulat. Sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat, nakalilikha ng panibagong mundo at realidad na maaaring tiwalag o bumabaklas sa umiiral na kondisyong panlipunan. Sa ganitong punto, makabuluhang maging sandalan sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat ang kritikal na pedagohiya ng teoristang si Paulo Freire upang hindi lamang mauwi ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagkakabisa ng mga termino hinggil sa elemento ng tula o maikling kuwento, at pagsasaulo ng mga tayutay at idyoma. Una kong naengkuwentro si Freire sa asignaturang Foundations of Education sa andergrad. Naging interesante para sa akin ang mga inilatag niyang konsepto sa pedagohiya dahil higit na nakatuon sa mga umiiral na kontradiksyon sa pagitan ng uri tungo sa paglikha ng puwang sa pagpapalaya. Sa kanyang humanistang lente, ang gampanin ng inaapi o *oppressed* ay hindi lamang nakatuon sa makitid na pagtingin sa pagpapalaya ng sariling kondisyon, kundi maging ang pagpapalaya rin sa nang-aapi o *oppressor* dahil kapwa sila manipestasyon ng dehumanisasyon (Freire, 1984). Hinuhulma ito ng mga obhetibong kondisyong panlipunan na nagpapaigting sa mga kontradiksyon ng uring kinabibilangan. Kaya naman sinasalungguhitang, “If the goal of the oppressed is to become fully human, they will not achieve their goal by merely reversing the terms of the contradiction, by simply changing poles” (56). Samakatuwid, kolektibo ang diwa ng pagpapalaya sa ganitong balangkas na nararapat pangunahan ng inaapi, dahil tanging “ang kapangyarihang umuusbong mula sa kahinaan nila ang makasasapat na lakas upang kapwa sila lumaya” (sariling salin) (p.44). Sa diyalektikal na ugnayan, nagsisimula ito sa tinatawag ni Freire na *conscientizacao* o ang akto ng pagkamulat ng kamalayan.

Sa konteksto ng edukasyon, lalo ko pang mauunawaan ang hindi nalulumang pagdalumat ni Freire nang sumabak na ako sa pagtuturo sa pampublikong paaralan. Naging kongkreto sa akin ang mga pinag-uugatan ng paggigiit sa isang mapagpalayang pedagohiya at kontradiksyon sa pagitan ng mag-aaral at guro. Malinaw ang kritika ni Freire (1984) na ang pagtuturo ay isa lamang pagsasalaysay kung saan nagsisilbing tagatanggap ng mensahe ang mag-aaral. Ang tradisyunal na edukasyon, na umiiral pa din naman sa Pilipinas, ay nagmimistulang sistema ng pagbabangko. Ang mag-aaral na dinedepositohan ng kaalaman ng guro ay nararapat na matiyagang tumatanggap, nagsasaulo at nag-uulit ng mga pumapasok sa kanyang isip upang kalauna’y masalok o madukal sa kanya. Hindi ganito ang pagkatuto sa konsepto ng kritikal na pedagohiya, subalit realidad ito na kailangang baklasin. Kaya naman, dapat batid ng guro ang kanyang gampanin at layunin sa espasyo ng pagkatuto hindi bilang sentro ng kaalaman, kundi bilang tagapagpadaloy o *facilitator* ng proseso ng pagkatuto. Tanggapin natin na may taglay at bitbit na kaalaman ang ating mag-aaral at tayo bilang guro ay bahagi din sa proseso ng pagkatuto sa loob ng isang diyalogo. Sa ganitong kaso, hindi nagiging pasibo ang mga mag-aaral, at hindi rin naman nagiging mekanikal o tila robot ang guro. Bilang pagsusuma sa kritika ni Freire (1984) at paglalatag ng pangkalahatang diwa ng mapagpalayang pedagohiya, binibigyang diin na:

> Problem-posing education, as a humanist and liberating praxis, posits as fundamental that the people subjected to domination must fight for their emancipation. To that end, it enables teachers and students to become Subjects of the educational process by overcoming authoritarianism and an alienating intellectualism; it also enables people to overcome their false perception of reality. The world—no longer something to be described with deceptive words—becomes the object of that transforming action by men and women which results in their humanization (p.86).

Kaya’t kung ilalapat natin ang kritikal na pedagohiya sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat, nararapat na maisaalang-alang ang ilang mga mungkahing batayan na nakaugat din sa personal na danas sa pagtuturo:

***Gampanin ng guro***. Kailangang magkaroon ng kritikal na pag-iisip ang guro sa kanyang pagtuturo sa klase. Ito ay masusukat sa kakayahan ng guro na humabi ng mga tanong na magbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na mag-isip (hindi lang magsaulo) at makibahagi sa talakayan. Imbis na magtanong kung ano ang

aral na napulot sa akda, mas mainam na itanong kung ano ang kanilang nakita, nadama, mga nagtatalong ideya na pumukaw sa interes nila, o mga nabuong katanungan sa kanilang isip (Popa, 2016). Sa ganitong uri ng pagtatanong, hindi na lamang natin hinahanap sa mga mag-aaral ang mga inaasahan na nating dapat nilang sagot, tulad ng depinisyon ng mga konsepto. Nasusubok ang husay sa pag-iisip at paghabi ng mga ideya ang mga mag-aaral. Kailangan ding makita ng guro ang sarili bilang isang tagapagpadaloy ng kaalaman sa loob ng proseso ng pagkatuto kasama ang kanyang mga mag-aaral. Isa ito sa malaking hamon sa mga guro – ang mapalaya ang sarili sa mga tradisyunal na perspektibo sa sistema ng edukasyon. Dapat maunawaan na hindi sentralisado sa guro ang kaalaman dahil siya mismo ay sumasalok at humahango ng mga kaalaman mula sa danas ng mga mag-aaral. Sa ganitong pagkakataon, nababaklas ang pader sa pagitan ng guro at mag-aaral dahil napapasok ng tagapagpadaloy ang loob ng mga naghahangad na matuto. May kolektibong pagkatuto sa ganitong uri ng pedagohiyang isinulong ni Freire at malaki ang gampanin ng guro sa ganitong kaso. Ayon kay Nuncio (2005) “magsisimula ang kritikal na pag-iisip ng mag-aaral kung ang pedagohiya ay kritikal at kung nagtataglay rin ang nagtuturo ng kritikal na pag-iisip” (p.28).

***Danas ng mag-aaral***. Hindi dapat binabalewala ang mga karanasang bitbit ng mga mag-aaral sa klase dahil ang mga ito’y mga aktwal na praxis ng mga kaalamang hinubog ng kanyang nilulugarang panlipunang espasyo. Ang mga danas na ito ang maaaring tuntungan ng mga guro sa paglikha ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Kailangang malaman at maunawaan ng guro ang daynamismo ng karanasan ng mga mag-aaral na maaaring nagtatagpo subalit mas madalas ay naghihiwalay dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang kultura. Bilang guro, marami tayong matututuhan sa mga matutuklasan nating karanasan ng mga mag-aaral na hindi natin matatagpuan sa anumang libro o teksbuk na ginagamit sa klase. Tulad ng binibigyang diin ni Garcia (2012), demokratisasyon itong maituturing na hindi lumilikha ng malapad na puwang upang maging *alienated* o tiwalag ang mag-aaral. Nabibigyan pa natin ng tinig ang mga naratibo ng kanilang gunita sa pamamagitan ng aktuwalisasyon ng danas sa pagsusulat. Ang danas sa pagkatuto nila ay danas upang makapagpahayag sa pamamagitan ng kanilang akda (Nuncio, 2005). Pagsasakapangyarihan ito sa kanilang mithiin at pangarap para sa sarili at higit para sa kanilang bayang pinag-uugatan. Ang pagsusulat nila ng danas ay pagsasatinig ng kanilang panahon at bayang tinatangi.

***Ang komunidad***. Esensyal sa malikhaing pagsulat ang lugar na pinag-uugatan ng manunulat. Dito siya sumasalok ng mga materyal na kanyang susulatin dahil pamilyar ito sa kanya at bahagi ng kanyang gunita. Kaya mahalagang naisasaalang-alang ng mga guro ang komunidad na kinabibilangan ng kanyang mga mag-aaral. Bukal ng malawak na naratibo ang komunidad na kinagisnan ng mag-aaral dahil ito ang nagluwal sa kanya bilang tao. Kaya, mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa kanyang komunidad upang kahit sa akto ng pagsusulat nabibigyan ng ahensya ng mag-aaral ang pagtupad sa mga pangarap at pagpapalaya sa komunidad sa anumang anyo ng pang-aapi. Hindi dapat maikahon sa loob ng klase ang pagtuturo ng malikhaing pagsulat kaya napakahalagang bigyan ng kalayaan ang mga mag-aaral lumabas sa klase, o balikan ang kanilang komunidad gamit ang imahinasyon upang maitala nila ang kani-kanilang mga pamilyar na danas at saka ito mahabi bilang akda. Napakahalaga sa kritikal na pedagohiya ang pagtatampok sa lokal na kultura at kasaysayan upang sumalunga at bumaklas sa gahum ng kanluranin at kolonyal na oryentasyon ng edukasyon (Moratilla, 2019). Sa pamamagitan nito, hindi nagiging tiwalag sa kanyang kultura at lipunan ang mag-aaral, at sa halip ay nagkakaroon pa nga ng pagkakataon upang pagsilbihan ang kanyang komunidad gamit ang panulat. Pagsasakonteksto ito mula sa indibidwal na antas ng danas patungo sa panlipunan na pinag-uugatan nito. Masasagot din dito ang tanong hinggil sa para saan ba ang pagsusulat? Ito ba ay simpleng pagpapahayag lamang ng damdamin? O higit pa roon, ito ay pagtangan ng kapangyarihan tungo sa pagpapalaya ng kamalayan at transpormasyong panlipunan?

## Konklusyon at Rekomendasyon

Binibigyang susog ng papel ang mga nauna nang pag-aaral hinggil sa pagtuturo at praktika ng malikhaing pagsulat. Hindi nito ipinupustura ang bukod tangi at nag-aastang bagong kaalaman. Sa halip ay naglalatag ito ng mga posibilidad sa pag-unawa at praktika sa pagtuturo na may oryentasyong mapagpalaya na kumikilala sa natatanging kakayahan ng mga guro. Sa isang banda, pagsasakapangyarihan din ito hindi lamang sa mga guro, kundi maging sa mahalagang papel ng mga mag-aaral sa proseso ng kritikal na pagkatuto. Napakahalaga ng pagkatutong umuugat sa danas sa sariling kultura at kondisyong panlipunan. Ang guro tulad ng manunulat ay kritikal ang papel na ginagampanan sa transpormasyong panlipunan at esensyal sa ganitong tunguhin ang mapagpalayang pedagohiya. Sa konteksto ng problematikong K to 12 kurikulum ng sistema ng edukasyon, hinihingi ng pagkakataon ang mga interbensyong pedagohikal na lilikha ng mga siwang para sa kontra-diskurso na magsisilbing alternatibo sa namamayaning kaayusan.

Sa kabuuan, kapangyarihan ang pagsulat. Binibigyan tayo ng panulat ng mga posibilidad para sa ating mga pinapangarap. Higit sa lahat, pinapatangan sa atin ng panulat ang kapangyarihang linangin ang kamalayan at lumikha ng puwang sa transpormasyong panlipunan. Kaya malaki at mabigat ang nakaatang na gampanin sa ating mga guro na nagpapanday at lilikha ng mga manunulat sa hinaharap. Sa panahon ng fake news at karahasan, esensyal ang pagtuturo ng malikhaing pagsulat upang malinang ang pagiging kritikal ng mga kabataan. At tulad ng manunulat, lagi't laging may diwang mapagpalaya ang mga guro ng bayan.

## Ilang Mungkahing Pagsasanay

Batay sa mga inilatag na prinsipyo sa kritikal na pedagohiya, sa bahaging ito magbibigay ng ilang mungkahing pagsasanay sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat. Mainam kung ang mga materyal na gagamitin o paghahanguan ng pagsasanay ay mga bagay na nariyan lang sa kanilang komunidad (Cerda 2016; Popa, 2016). Kabilang dito ang mga pamahiin at mga paniniwala sa kanilang lugar.

### *Bugtong, Bugtong, Talinghagang Lumulusong*

Sa unang aralin batay sa silabus ng Malikhaing Pagsulat (Department of Education, 2016), tatalakayin ang pandamang danas o *sensory experience*. Maituturing itong susing konsepto upang maunawaan at magagap ng isang mag-aaral ang esensya at mga pangunahing prinsipyo sa malikhaing pagsulat. Tumutukoy ito sa nalalasahan, nakikita, nadidinig, naaamoy, nahahawakan, at nararamdaman ng tao. Tutugon ito sa tanong na paano pagaganahin ang haraya?

Para sa araling ito, maaaring talakayin ang bugtong. Isang mainam na ehersisyo ang bugtong para malinang ang siste at talim ng isip ng mga mag-aaral (Popa, 2016; Eliserio et al., 2016). Sa sistema ng panghuhula sa sagot sa bugtong, gumagana ang alaala, at ang kasanayan sa pag-oobserba gamit ang mga pandama. Nasusubok ang imahinasyon ng mga mag-aaral. Subalit, kinakailangang iwasan ang pagpapasaulo sa mga bugtong dahil maaaring mawala ang tunay na esensya na matuklasan ang sagot sa talinghaga ng bugtong. Bago ang pagsasanay, maaaring pagsaliksikin na ang mga mag-aaral ng mga halimbawa ng bugtong na karaniwan sa kanilang lugar. Sa araw ng pagtalakay kailangan munang magbigay ng lektura ang guro hinggil sa pinag-ugatan at katangian ng bugtong. Dapat ding mailatag ang tiyak na layunin at inaasahan sa aralin na ito. Kailangang magbigay ng halimbawang bugtong ang guro. Ito ang magiging lunsaran sa pagtalakay hinggil sa katangian ng anyong ito. Ito rin ang magiging gabay o modelo ng mga mag-aaral para sa gagawin nilang sariling bugtong. Sa paglikha ng sariling bugtong, maaaring ito ay iangkop sa kasalukuyang danas, maaring may paglalahok ng teknolohiya, o anumang materyal na bahagi ng makabagong panahon.

Halimbawa ng bugtong:

Kung kailan mo pinatay
Saka pa humaba ang buhay
(Kandila)

Sa iskul siya ang bet
Lumuluha sa pwet
(Bolpen)[1]

Tatlo sa ulo, apat sa tiyan
Sa puwitan, mga tuhod,
nag-uumpugan.
(FX)[2]

---

[1] Mula sa Facebook post ni Romulo Baquiran na batay sa mga bugtong ng kanyang klase.

[2] Mula sa librong 101 Bugtong na Hindi Alam ng Titser Mo ni German Gervacio.

Aso kong punggok
Sa trono'y iniluklok
Nang pababain ay naghimutok
(PGMA)[3]

### *Tulaan sa Quezon*

Sa pagsasanay na ito, sinikap kong magtampok ng makata na nagmula sa Quezon Province dahil ang papel na ito ay unang ibinahagi bilang lektura sa mga guro mula sa bayan ng Unisan. Si Abel Cribe ay isa sa mga umuusbong na kabataang manunulat sa kasalukuyan na tubong Mulanay, Quezon Province. Taong 2017 nang maging fellow siya sa Palihang Rogelio Sicat at **Amelia Lapeña-Bonifacio Writers Workshop.** Kasapi siya ng mga lokal at pambansang organisasyong pampanitikan tulad ng Sandigang Itinataguyod and Kultura sa mga Bayan ng Quezon (SIKBAYAN) at KATAGA: Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas. Ilan sa kanyang nalathalang koleksyon ng mga tula ay ang ***Kapag Naibig At Iba Pang Mga Tula*** (2017), ***Ngani Baya: Labinlimang Tula*** (2019), at ***Bulag Ako Sa Tula*** (2020).

Layunin ng pagsasanay na ito na mabalikan ng mga mag-aaral ang kanilang espasyo, ang komunidad na hindi iba sa kanila, at maisalin sa anyo ng isang tula ang kanilang damdamin ng paglisan sa kanilang komunidad. Layunin din nito na magamit ang kapaligiran sa paglikha ng mga imahen sa tula, at maitampok din ang lokal na kultura sa porma ng wika ng persona sa tula. Ang akdang *Wish In A Bottle* at *Pamamaalam* ni Cribe (2018) ang lunsarang teksto sa pagtalakay hinggil sa elemento ng tula at magsisilbi ring modelo sa paglikha ng sariling tula ng mga mag-aaral. Kailangang matalakay muna ng guro ang mga elemento ng tula at ang tradisyon nito sa Pilipinas. Gamit ang lunsarang teksto, maaaring gamiting gabay sa talakayan ang mga sumusunod na tanong: Sino ang nagsasalita sa tula? Sino ang kanyang kinakausap? Anong damdamin ang ipinahihiwatig? Ano ang naramdaman matapos mabasa ito? Aling mga bahagi ng tula ang nagpahiwatig ng mga damdamin at ideya ng paglisan, nang pagbabalik? Paano ipinahiwatig ang kagustuhan ng pagbabalik? Mayroon bang mga alinlangan sa persona? Ano ang ipinahihiwatig nito hinggil sa ugnayan ng persona at lugar na kanyang nilisan at nais balikan?

#### Wish in a Bottle

Kung ang kahilingan
kong makabalik
dine sa dalampasigan

ay asulat ko
sa kap'rasong papel
at alagay sa nakatihang bote

ng alak: aitsa sa dagat;
abalik kaya are
ng alon dine

o ahayaan na laang
na maging dayuhan
sa malawak na karagatan?

[3] Ibid

### Pamamaalam

Makamalungkot isipin
na ang dagat na kumupkop
sa halos lahat ng aking lumbay

ay natatan-aw ko na laang
sa bintana ng van.
May gib-at ang mga bagahe

na sa kanya'y aking iniwan
ngunit parang mas magib-at
ang dala ko ngay-on
sa aking paglisan.

## Mga Sanggunian


Acosta, I. C. & Acosta, A. S. (2016). Teachers' perceptions on senior high school readiness of higher education institutions in the Philippines. *Universal Journal of Educational Research*, 4(10), 2447-2462. https://doi.org/10.13189/ujer.2016.041024

Baquiran, R. (2013, November 26). *Mga bugtong ng estudyanteng makukulet* [Status]. Facebook. https://www.facebook.com/rpbaquiranjr/posts/10152089059248729

Bolton, G., & Delderfield, R. (2000). *Reflective practice: Writing and professional development*. Sage Publication.

Cerda, M. (2016). Talinghaga at tanaga: Modyul para sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat na angkop sa grade 11 at 12. *Katipunan Journal*, 1, 1-7. http://journals.ateneo.edu/ojs/katipunan.

Cribe, A. (2018). *Mulan-ay sa baybayin*. Di-lathalang manuskrito ng mga tula.

Department of Education. (2016). K to 12 basic education curriculum senior high school. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Creative-Writing.pdf

Eliserio, U. Z., Rodriguez, R. J. M., Torralba, E. S., & Torralba, J. E. C. (2016). *Malikhaing pagsulat para sa senior high school*. C & E Publishing, Inc.

Freire, P. (1984). *Pedagogy of the oppressed* (M. B. Ramos, Trans.). Continuum Publishing Corp.

Garcia, F. A. (2012). *Surinaysay: Wika-panitikan-malikhaing pagsulat-feminismo-midya*. C & E Publishing, Inc.

Gervacio, G. (2011). *101 Bugtong na hindi alam ng titser mo*. UST Publishing.

Ismael, J. J. (2020, February 13). Survey: Many Filipinos dissatisfied with K to 12. *The Manila Times*. https://www.manilatimes.net/20 20/02/13/news/national/survey-many-filipinos-dissatisfied-with-k-to-12/685511/

Maggay, M. P. (2002). *Pahiwatig: Kagawiang pangkomunikasyon ng Pilipino*. Ateneo De Manila University Press.

Moratilla, N. C. A. (2019). Revisiting Paulo: Critical pedagogy and testimonial narratives as liberative spaces in the Philippines' K-12 curriculum. *Journal for Critical Education Policy Studies,* 17(2), 246-278. http://www.jceps.com/archives/6451

Neuman, W. L. (1999). *Social research methods: Qualitative and quantitative approaches*. Pearson.

Nuncio, E. (2005). *Mga talingahaga sa laylayan: Ang mapagpalayang pedagohiya ng malikhaing pagsulat at antolohiya ng mga tula ng Bukalsining*. UST Publishing House.

Popa, A. (2016). Ang lugar ng wala sa lugar: Pagtuturo ng pagtula at malikhaing pagsulat sa hayskul. *Katipunan Journal*, 1, 1-11. http://journals.ateneo.edu/ojs/katipunan.

San Juan, D. M. (2013). Kaisipang nasyonalista at teoryang dependensiya sa edukasyon: Ideolohikal na kritik ng programang K to 12 ng Pilipinas. *Malay*, 26(1), 96-120. https://ejournals.ph/article.php?id=8048

Snyder, H. (2019). Literature review as a research methodology: An overview and guidelines. *Journal of Business Research*, 104, 333-339. https://doi.org/10.1016/j.jbusres.2019.07.039

Tolentino, R. (2007). *Sipat kultura: Tungo sa mapagpalayang pagbabasa, pag-aaral at pagtuturo ng panitikan*. Ateneo Press.

Villafuerte, P. V. (2007). Ang gurong manunulat/ang manunulat na guro: Dukal ng pagkamalikhain at sosyo-pulitikal sa bansa. *The Normal Lights*, 1(1), 246-265. http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/41

Si Jomar Adaya ay nagtuturo ng mga kurso sa panitikan, wika at kultura bilang Kawaksing Propesor sa Kagawaran ng Filipinolohiya, at Paaralang Gradwado ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa, Maynila. Nagsisilbi rin siyang Hepe ng PUP Center for Philippine Studies. Ilan sa kanyang mga malikhaing akda at sanaysay ay napabilang sa mga antolohiya at journal tulad ng Bisig, Entrada, Agos Journal, Agwat-Hilom Anthology, Kawing Journal, at Saliksik-Kultura: The NCCA Research Journal. Nagtapos ng ABFilipinolohiya at MAFilipino sa PUP at kasalukuyang kumukuha ng programang PhD in Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.